ISANG BUDGET PARA SA MAUNLAD AT MAKATARUNGANG ONTARIO

Ang Bagong Pamahalaan ng Ontario ay Tumutulong na Lumikha ng mga Trabaho at Nagsusuporta sa mga Tao

MGA BALITA Mayo 2, 2013

Ang 2013 Budget ng Ontario — Isang Maunlad at Makatarungang Ontario — ay gumagawa ng mga mahusay na investment na magpapalakas sa ekonomiya, tumutulong lumikha ng mga trabaho para sa mga kabataan, at kumikilos upang tanggalin ang deficit pagdating ng 2017-18.

Ang 2013 Ontario Budget ay nagmumungkahi ng isang maunlad at makatarungang Ontario sa pamamagitan ng:

- Pagtatag ng Youth Jobs Strategy na nagkakahalaga ng $295 milyon sa daratinig na dalawang taon upang lumikha ng mga trabaho at mga pagkakataon sa mentorship para sa humigit-kumulang sa 30,000 kabataan upang itaguyod ang pagiging negosyante at ang innovation
- Paglikha ng mga trabaho sa pamamagitan ng mga investment sa infrastructure para sa pampublikong transportasyon, mga daan, mga tulay, mga ospital, at mga eskwelahan
- Pagbawas nang 15 porsiyento sa karaniwan sa binabayarang insurance sa sasakyan ng siyam na milyong nagmamaneho
- Pagtulong sa 46,000 karagdagang tao upang mabilis silang makakuha ng pangangalaga sa tahanan at sa komunidad, sa kaginhawahan ng kanilang sariling tahanan
- Pagbigay ng tax relief sa mga maliliit na negosyo upang lumikha ng mas maraming trabaho sa pamamagitan ng pagtaas sa kanilang exemption sa Employer Health Tax exemption -- ang $400,000 sa payroll ay gagawing $450,000
- Kumilos upang baguhin ang panlipunang tulong upang makatulong sa mas maraming tao na humanap ng mga trabaho nang mapahusay ang kanilang pinansyal na seguridad.

Ang deficit para sa 2012-13 ay tinatantiya na ngayon sa $9.8 bilyon — humusay nang $5.0 bilyon kumpara sa forecast para sa 2012 Budget. Minamarkahan ng katatapos lamang na fiscal year ang pang-apat na sunud-sunod na taon na iniulat ng probinsiya na ang deficit ay mas mababâ kaysa sa forecast — ang kaisa-isang pamahalaan sa Canada na nakakamit sa ganitong uri ng tagumpay. Ang paglaki ng gastos sa programa ay ipinapalagay na mas kaunti sa isang porsiyento para sa pangalawang kasunod na taon.

Bukod pa sa pagiging mas mahusay sa deficit target para sa 2012-13, ipinapalagay ng probinsiya na huhusay nang mahigit sa $1.0 bilyon ang deficit mula sa ipinalagay na $12.8 bilyon deficit sa 2012 Budget para sa 2013-14. Ang gastos sa programa sa 2013-14 ay walang pagbabago kumpara sa ipinalagay sa 2012 Budget. Lampas ng 2013-14, nasa tamang lagay ang pamahalaan upang matugunan ang patuloy na bumababang deficit targets na nakabalangkas sa 2012 Budget at makamit ang $0.5 bilyon surplus sa 2017-18.

../2

Ang pamahalaan ay nakikipagtulungan sa mga mahalagang partner upang magtatag ng may anim na bahaging plano sa pagpapahusay ng ekonomiya; ito'y tutulong sa ekonomiya ng Ontario na gamitin ang mga bagong pagkakataon para lumago at lumikha ng trabaho:

1. **kompetitibong lugar para sa negosyo** — ang pagsuporta sa isang kompetitibong sistema ng tax at mabisang regulasyon ay nagtataguyod sa investment sa bagong negosyo upang lumikha ng trabaho at lumago ang ekonomiya
2. **modernong infrastructure** — ang pag-invest sa transit, mga daanan, mga eskwelahan, at mga ospital ay mahalaga para sa isang produktibong ekonomiya
3. **highly skilled na mga manggagawa** — ang pag-invest sa skills at edukasyon at paglikha ng trabaho para sa mga kabataan ay magsisiguro na ang mga tao sa probinsiya ay makapagtratrabaho at uunlad
4. **pagtaguyod sa entrepreneurship at innovation** — pagpapalakas sa kakayahan ng Ontario na kunin ang mga kuru-kuro at gawin silang naiibang goods at services para sa pangmundong ekonomiya
5. **going global** — pakikipagtulungan sa negosyo upang palawakin ang market access sa goods at services sa labas ng Ontario, ibig sabihin, sa ibang mga probinsiya, sa Estados Unidos, at sa mga bansang may lumalaking ekonomiya
6. **mga masigla at malakas na komunidad** — tinutulungan ang lahat ng mga komunidad at mga rehiyonal na ekonomiya na magbenepisyo mula sa paglikha ng trabaho at paglago ng ekonomiya.

Ang bagong pamahalaan ay magpapatuloy ring kumilos upang magbigay ng karagdagang suporta para sa mga pamilya sa Ontario. Pahuhusayin nito ang mga pagkakataon para sa mga Aboriginal na tao sa Ontario, proprotektahan nito ang mga taong pinaka-nangangailangan ng proteksyon, at magtatatag ito ng mga mas ligtas at mas malakas na komunidad.

Ang 2013 Budget ng Ontario ay magtatatag ng makatarungan at maunlad na Ontario para sa kabutihan ng lahat.

ANO ANG MGA SINASABI NG IBA

"Ang bagong pamahalaan ay nangangakong tumulong sa lahat ng mga tao sa Ontario at tanggalin ang deficit pagdating ng 2017-18. Kapag mas mahusay tayo sa ating mga fiscal target, maaari tayong magpatuloy na mag-invest sa mga bagay na pinakamahalaga para sa mga tao araw-araw. Prinoprotektahan natin ang health care at edukasyon. Lumilikha tayo ng mga trabaho para sa kabataan. Ang ating balanseng paraan sa pagpapalakas ng ekonomiya ay tutulong na lumikha ng mga trabaho at magtatag ng isang maunlad at makatarungang Ontario para sa lahat."

— Charles Sousa, Ministro ng Pananalapi (Minister of Finance)

MGA BUOD

- Ipinapalagay ng pamahalaan ang paglago ng real gross domestic product (GDP) sa 1.5 porsiyento sa 2013, 2.3 porsiyento sa 2014, at 2.4 porsiyento sa 2015 at sa 2016.

- Bago gawin ang budget, ang pamahalaan ay nakipagkonsulta sa mahigit sa 1,000 organisasyon at nakinig sa mahigit sa 600,000 sambahayan sa mga komunidad sa Ontario noong panahon ng telephone town halls.

- Ang Ontario ay kasalukuyang isa sa dalawa lamang na pamahalaan sa Canada na makakatupad sa kanyang fiscal target para sa 2012-13. Ang mga resultang ito ay dahil sa pag-focus ng pamahalaan sa pagtanggal ng deficit pagdating ng 2017-18 — isang pangako na pinalalakas ng layunin na bawasan ang net na debt-to-GDP at ibalik ito sa 27 porsiyento bago noong recession oras na balanse na ang budget.

- Ang Ontario ay lumikha ng halos 400,000 trabaho simula noong Hunyo 2009, at nabawi nito ang lahat ng mga trabaho na nawala noong recession. Ang kasalukuyang level ng trabaho ay mahigit sa 130,000 trabaho lampas ng pinakamataas na level bago noong recession.

- Ang plinanong investment ng Ontario sa infrastructure, na mahigit sa $35 bilyon sa darating na tatlong taon, ay magsusuporta sa mahigit sa 100,000 trabaho sa karaniwan bawat taon.

- Gagawin ng pamahalaan ang 60 porsiyento ng 362 rekomendasyon mula sa mga Pampublikong Serbisyo ng Komisyon sa Pagbabago ng Ontario [Commission on the Reform of Ontario] at pag-aaralan nito ang 40 porsiyentong natitira.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Basahin ang Budget.

Panoorin ang Budget speech.

Tingnan ang mga retrato ng Budget.

Basahin ang karagdagang impormasyon tungkol sa budget:
- Ang Economic Outlook at Fiscal Plan ng Ontario
- Tinutulungan ang mga Nagmamaneho sa Ontario na Makatipid
- Isang Makatarungang Lipunan
- Ang Ontario Trillium Benefit: May mas Mapagpipilian ang mga Tao
- Paglikha ng Trabaho para sa mga Kabataan

Basahin ang highlights ng Budget.

PARA SA MGA KATANUNGAN NG MEDIA LAMANG:
Susie Heath, Opisina ng Ministro (Minister's Office), 416-325-3645
Scott Blodgett, Ministri ng Pananalapi (Ministry of Finance), 416-325-0324

PARA SA MGA KATANUNGAN NG PUBLIKO, TUMAWAG SA:
1-800-337-7222
TTY: 1-800-263-7776

ontario.ca/finance-news